

MAY-JUNE 2012

FILIPINO MAGA

# PAGPAPANSAPAN

PO NATIN !

ISSUE 46 IPINAMIMIGAY NG LIBRE

مجلة لتتجاوز ملحق مجلة البشرى باللغة الفلبينية - العدد السادس والأربعون

IKA-114 TAONG  
KALAYAAN



المركز الكويتي الفلبيني الثقافي  
Kuwait Philippine Cultural Center

UPANG TAYOY MAGKILALANAN ... لتتعارف




مركز الكويت الإسلامي  
Kuwait Islamic Center



- Pagtuturo ng wikang arabik.
- Mga panayam tungkol sa mga okasyong pang-islam, mga kapistahan at okasyong pambansa.
- Mga programa sa pakikipagtulungan ng Philippine Embassy sa Kuwait.
- Seminar para sa mga magpapakasal.
- Mga seminar tungkol sa mga tradisyon at kaugaliang kuwaiti.
- Mga Kompetisyong Pangkultura.
- Mga Pamamasyal at Paglilibang.
- Mga Programang Pampalakasan.
- Monthly Magazine ng Center (PAG-USAPAN PO NATIN !).

**Kami po ay malugod na nag-aanyayasa inyong pagbisita sa ating sentro.**



**المرکز الكويتي الخليبي الثقافي**  
**Kuwait Philippine Cultural Center**

**LIBRENG PAG-AARAL NG ARABIK PARA SA MGA PILIPINO**  
**(With Certificate)**



**For reservation and registration**

Tawag lang sa 24712574 or 24756796

Extention 102 sa mga lalaki, Extention 116 sa mga babae

Office Hours: Sundays to Fridays, Morning 8:00– 1:00, Evening 4:30 – 8:30

KPCCenter is Closed on Saturdays

ARABIC CLASS 2012 – 2013 SCHEDULE OF CLASSES & REGISTRATION

BATCH	REGISTRATION PERIOD	DURATION OF CLASSES
1 <sup>st</sup> Batch	February 1 – 29, 2012	March – June 2012
2 <sup>nd</sup> Batch	June 1 – 33, 2012	July – November 2012
3 <sup>rd</sup> Batch	November 1 – 31, 2012	December 2012 – March 2013

Mag-aral Bumasa at Sumulat ng Arabik sa Loob Lamang ng Apat na Buwan

Chief Patron

Mohammad Ismail Al-Ansari

Editor

Ullessis F. Abaya

Columnists:

Joselito Tabling

Issa Mohammad Tragua

Ust. Abubaidah Salud Satol

Ust. Marouf Baraguir Ali

Ust. Wahibie Tamama

Ust. Muslimin Palami Bhuruar

Mailyn Rodriguez

Usta. Pahima Guiabal

Usta. Halima Mantawil

Review and Approval Committee

Ust. Marouf Baraguir Ali

Ust. Muslimin Palami Bhuruar

Bro. Muhammad F. Sumaway

Bro. Ahmad Yusuf Abaya

Usta. Halima Mantawil

PUBLISHED BY

KPC Center

Farwaniya, Block 1

Street 74 corner Street 72

Building 12

Phone 24712574, 24756796

Fax (965) 24712574 (102)

Hotline: 97802777

www.kpccenter.com

www.pagusapan.com

Khalid Abdullah Al-Sabea

General Director

Ust. Marouf Baraguir Ali

Head, Men Section

Usta. Halima Mantawil


Head, Women Section



مؤسسة زخرف للإعلان والإعلان  
Zukhruf Advertising Agency

www.zukhruf.net

Tel. 99993072



**A**ng *Pag-usapan Po Natin!* Filipino Magazine ay ang monthly publication ng KPCCenter. Ang Kuwait Philippine Cultural Center ay isang kalipunan, isang kongregasyon, at isang center kung saan nagtatagpo ang mga layunin para sa kaunlaran sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga Filipino sa Kuwait, ano man ang kanilang relihiyon, tribo, at kasarian. Ang layunin nito ay upang makapagtatag ng isang sentrong pangkultura at pang-edukasyon upang tangkilikin ang lahat ng maiinam na kultura at mga anyo ng edukasyon. Ito rin ay nakikipagkasundo, at lahat ng mga gawain nito ay sa pamamaraang tuwiran at katamtamang pakikitungo, na nag-aanyaya sa lahat upang sama-samang makapagtatag ng bukas na mga talakayan tungkol sa lahat ng aspeto ng pamumuhay.

Ang mga nilalaman, pananaw at mga opinyong nailathala sa magazine na ito ay di kailangang kumatawan ng KPCCenter, kahit pa ito ay isinulat ng isang empleyado nito. Ang lahat ng pagsisikap ay ginagawa upang maiwasan ang pagkakamali sa mga impormasyong nilalalaman ng mga artikulo, ngunit, walang pananagutan kahit anuman ang maaaring ipagpalagay sa magazine na ito o sa tagapaglathala nito, ang KPCCenter.

Para sa mga komento at mga katanungan, mag-e-mail sa:  
ullessis@yahoo.com



هل رواتب العمال كفاية



أنشطة المركز



طرائف تجالوج



الصحة



لغة المورو

## BUHAY OFW

Dear Kuya Eli...

# PERA NG OFW.... SAPAT BA?



Ullessis Abaya  
ullessis@yahoo.com

*Masakit na ang ulo ng mga OFW sa kakaisip kung paano kumita ng pera sa labas ng bansa. Hindi natin maikakaila na marami pa ring mahihirap nating kababayan ang nakikipag sapalarang lumabas ng bansa kahit na delikado ang kanilang pupuntahan.*

*Tignan nalang natin ang datos na mga kababayan nating walang trabaho sa ating bansa. Hindi ba ninyo nakikita na patuloy pa rin ang paghihirap. Marami ang nagugutom at walang makain sa kanilang hapag kainan.*

*Noong nakaraan Disyembre ng taong 2011, ito ang araw ng aking bakasyon mula sa 2 taong pagtatrabaho sa ibang bayan. Masaya na malungkot ang aking naramdaman dahil dumating ako at muling aalis sa mga susunod na buwan.*

*Noong unang araw ng aking pagdating labis ang aking kasiyahan sapagkat makikita ko na ang aking pamilya na nangulila sa akin ng 2 taon. Hindi ko pa lubos maisip noon na nasa Pilipinas ako at mayayakap ko na sila.*

*Dahil labis ang aking pananabik sa kanila wala akong ibang hinanap kundi ang aking asawa at mga anak, tingin dito tingin doon ang aking ginawa at sa wakas nakita ko agad sila. Tuwang tuwa ko silang kinawayan habang sigaw sa kanila. Masayang tagpo ang aking nakita mula sa pagbaba ko ng paliparan.*

*Ngunit heto na nagsisimula.....*

*Pasakay pa lang kami ng taxi nakita ko agad ang taas ng presyo na singil sa aking ng taxi driver na aming sinakyan. Dahil sa pagmamadali namin para makauwi na, pumayag na ako sa kontrata ng taxi driver na aming sinakyan.*

*Lumipas ang mga araw maraming bagay pa akong nalaman tungkol sa pagtaas ng bilihan sa Pilipinas. Ang lahat ng ito ay dahil na rin siguro sa ekonomiya na pinapalakad ng ating gobyerno. Tanong ko lang po dapat ba patuloy tayong pumayag sa mga hakbang nila na alam naman nating ang buong sambayanan ang magdudusa. Anong alternatibong hakbang ba ang kanilang ginagawa upang tulungan ang ating mga kababayan at maging ang ating bansa.*

*Ang unang pangingibang-bayan ko ang dahilan kung bakit ako nakakapagsalita ng ganito. Siguro mahal ko ang bayan ko kaya patuloy akong nagsusulat tungkol sa mga bagay na alam ko namang apektado pati ang pamilya ko.*

*Maraming problema ang dumating sa buhay natin pero patuloy tayong lumalaban para sa ikakabuti ng lahat at makapagbigay ng inspirasyon sa kapwa tao. Narito muli ako upang simulan ang pag-susulat tungkol sa BuhayOFW.*

**NAKAKALIMOT KABA SA IYONG PAMILYA?**  
*Baka hindi mo sila kinakamusta? Nakapagpadala ka na ba ng pera nila pang gastos para sa mga anak*

mo. Sana hindi mo sila baliwalain dahil sila ang dahilan kung bakit ka nagpunta ng ibang bansa. Alam kong maraming tukso at problema ang nangyayari sa iyo dito pero hindi mo sinasabi sa kanila dahil ayaw mo malaman nila ang nangyayari sayo dahil ayaw mong mag alala sila. Ano ba ang problema at ganyan ang ginagawa mo. Ang dami mong dahilan at mga palusot pero ang totoo may kasama ka pala dito na iba. Sana maisip mo ang ginagawa mo ay para sa kanila at hindi ka nag punta dito para magpakasarap sa piling ng iba. Isipin mo na may anak at asawa ka na naghihintay sayo. Bago ka gumawa ng anuman bagay na ikawawasak ng pamilya mo, sana maisip mo na darating ang araw na baka sa anak mo mangyari ang lahat ng ginagawa mo. Sa mga taong nakakal-



imot lalo na sa mga taong may kasamang iba, wag mo ng dagdagan pa ang problema ng iba at baka magkaroon pa ng mas malalim na problema. Mas masarap ang pakiramdam kapag ang ginagawa mo ay ayon sa iyong pamilya. Sana dumating ang araw at maisip mo na hindi pa huli ang lahat para magbago ka. Masakit tanggapin kapag huli na ang lahat, malalaman mo na lang mas nasaktan ka dahil nawala sila.....

**MARAHILAY TINATANONG NINYO KUNG BAKIT** may kumukulit at palaging nag post sa mga wall ninyo tungkol sa usaping BuhayOFW. Sa totoo lang po hindi ko ginagawa ito upang magpapogi at kumuha ng attention ninyo. Ginawa ko ito dahil nais kong ishare sa inyo ang mga nalalaman ko bilang isang OFW. Nakikita ko kasi na hindi lahat ng mga OFW ay ganun karangya ang buhay. Nalaman ko rin kung gaano kahirap ang maging isang OFW. Sa isang taon kong pamamalagi sa ibang bansa nakita

ko na totoo pala na ang BuhayOFW ay kabalitaran sa mga iniisip natin na kapag nag-abroad ang isang Pilipino ay tinuturing na nating mayaman. Nakita ko rin na hindi pala ganun kadali ang mangibang-bayan, karamihan sa mga nakilala ko dito sa labas ng bansa ay reklamo at hindi ginhawa ang kanilang sinasabi. Sa totoo lang po nakakaawa talaga kapag nalalaman natin na ganun ang nangyayari sa kanila, may mga mababang sweldo dahil hindi natupad ang pangakong sweldo, estrikto ang amo, hindi pantay ang trato, bahay na akala mo ay ku-

lungan ng aso, at higit sa lahat hindi pinapasweldo, lahat ng yan ay pawang katotohanan.

Alam ba ninyo na marami sa mga kababayan natin ang gumastos ng malaki makapag-abroad lang, nangutang sa mga kaibigan, kamag anak at kung

sino pa ang na malalapitan upang may ipangbayad sa agency para maka alis ng bansa, pagkatapos ay sa kangkungan lang napupunta. "Mga manloloko, Sinungaling", yan ang mga linya karamihan dito sa abroad at totoo po iyan na karamihan sa mga nag aabroad ay gumagastos ng malaki para lang makaalis ng bansa at makapag abroad. Maswerte kana kung tinulungan ka ng isang kaibigan para lang makapag abroad ka dahil hindi kana nahirapan at gumastos na kung ano anu pa. Mag ingat po tayo sa mga agency na hindi rehistrado ng ating POEA at walang pahintulot ng ating gobyerno para kumuha ng mga manggagawang OFW. Maging matalino po tayo ng sa ganun ay hindi kayo mabigo sa inyong pag aabroad. Nais kong palawakin ang aking mga gawa upang maipabatid natin sa kapwa nating Pilipino kung anu ang tamang mga gagawin sa pag aabroad. (buhayofw2010-2015.blogspot.com)

# SINAUNANG MGA ISKOLAR sa Astronomiya

**S**A BUONG kasaysayan, ang mga tao ay namamangha habang pinagmamasdan ang araw, buwan, at mga bituin. Pinag-aaralan nila ang posisyon at galaw ng mga bagay na ito sa kalangitan at ginagamit itong basehan sa pagsukat ng haba ng mga araw, buwan, at taon.

Kabilang ang mga Arabe sa maraming tao na nagsuri sa kalangitan sa gabi. Nagsimulang sumulong ang siyensiya sa Gitnang Silangan noong ikasiyam na siglo C.E., at ang mga astronomong Arabe noong panahong iyon ay itinuring na mga eksperto sa astronomiya. Malaki ang natulong nila sa pagsulong ng kahanga-hangang siyensiyang ito. Tingnan natin kung bakit.

## Mga Payunir sa Astronomiya

Noong ikapito at ikawalong siglo C.E., lumaganap ang Islam pakanluran mula sa Arabia hanggang Hilagang Aprika at Espanya at pasilangan hanggang sa Afghanistan. Nagamit ng mga iskolar sa napakalawak na rehiyong ito ang mga kaalaman sa siyensiya ng Persia at Gresya, na may impluwensiya ng Babilonya at Ehipto.

*Isang drawing noong ika-16 na siglo na naglalarawan sa mga astronomong Ottoman na gumagamit ng mga pamamaraang galing sa mga iskolar na Arabe*



Pagkatapos, noong ikasiyam na siglo, isinalin sa wikang Arabic ang mahahalagang akda sa siyensiya, kasama na ang mga akda ng Griegong astronomo na si Ptolemy.\* Ang dinastiya ng mga Abbasid, na namahala mula sa Afghanistan hanggang sa Karagatang Atlantiko, ay kumuha ng mga Sanskrit na akda mula sa India, na punung-puno ng impormasyon tungkol sa matematika, astronomiya, at iba pang siyensiya.

Napakahalaga sa Islam ang kaalaman sa astronomiya. Bakit? Ang isang dahilan ay may kugnayan sa kanilang pagsamba. Naniniwala ang mga Muslim na dapat silang humarap sa Mecca kapag nagdarasal, at natutukoy ng mga astronomo ang direksiyon ng Mecca mula sa anumang lokasyon. Pagsapit ng ika-13 siglo, may mga moske na umuupa ng propesyonal na astronomo, o *muwaqqit*, na tumutulong sa mga mananamba na malaman ang tamang oras ng pagdarasal. Gamit ang kanilang datos, natutukoy rin ng mga astronomo ang petsa ng relihiyosong mga okasyon at kaugalian, gaya ng panginilin sa buwan ng Ramadan. Natutulungan din nila ang mga pilgrim na pupunta sa Mecca na malaman ang haba ng kanilang paglalakbay at maip plano ang pinakamabilis na ruta.

### Pinansiyal na Tulong ng Gobyerno

Noong pasimula ng ikasiyam na siglo, ang pag-aaral ng astronomiya ay bahagi na ng edukasyon ng lahat ng iskolar sa Baghdad. Nagtayo roon si Caliph al-Ma'mūn ng isang obserbatoryo, at ng isa pa malapit sa Damasco. Ang kaniyang mga heograpo at matematiko ay nagsuri, naghambing, at nagtugma ng mga datos sa astronomiya mula sa Persia, India, at Gresya. May itinayo ring mga obserbatoryo sa iba pang lunsod sa Gitnang Silangan.#

Kahanga-hanga ang mga natuklasan ng mga iskolar sa mga obserbatoryong iyon. Halimbawa, noon pa mang 1031, sinasabi na ni Abu Rayhan al-Bīrūnī na posibleng ang orbit ng mga planeta ay biluhaba, hindi pabilog.

\* Alam na noon ng mga Griego na bilog ang lupa. Ayon kasi sa obserbasyon nila, parang bumababa ang posisyon ng Bituing Hilaga sa kalangitan habang ang isa'y naglalakbay patimog.

# Ang karamihan sa mga obserbatoryong iyon ay itinayo dahil interesado sa astrolohiya ang tagapamahala.

### Pagsukat sa Lupa

Dahil sa paglaganap ng Islam, marami ang naging interesado sa nabigasyon at paggawa ng mapa. Sinikap ng mga kartograpo at heograpo na maging tumpak sa pagsukat, at kadalasan nang nagagawa nila ito. Para maging tumpak ang mga digri ng latitud sa mapa ng daigdig na ipinagagawa niya, si Caliph al-Ma'mūn ay nagpadala ng dalawang pangkat ng surveyor sa disyerto ng Sirya. Dala ang kanilang mga astrolabe, kahoy na panukat, at mga tali, ang dalawang pangkat ay naglakad sa magkabilang direksiyon hanggang sa maobserbahan nila na nagbago ng isang digri ang taas ng Bituing Hilaga. Ipinalagay nila na ang nilakbay na distansiya ay katumbas ng isang digri ng latitud, o 1/360 ng sirkumperensiya ng lupa. Nakalkula nila na ang sirkumperensiya nito salig sa mga polo ay 37,369 na kilometro—napakalapit sa aktuwal na sukat na 40,008 kilometro!

Ang mga obserbatoryo sa Gitnang Silangan ay maraming kahanga-hanga at sopistikadong aparato—mga astrolabe, quadrant, sextant, sundial, at iba pang instrumento na ginamit sa pag-aaral



**Inirekord ng mga astronomo ang galaw ng mga planeta sa maraming almanac na ginawa sa mga lupaing Muslim**


at pagsubaybay sa mga bagay sa kalangitan. Pagkálalaki ng ilan sa mga instrumentong ito. Ikinatuwiran ng mga gumawa nito na kung mas malaki ang instrumento, mas tumpak ito.

**Ang Pamana ng Sinaunang mga Astronomo**

Kahanga-hanga ang kontribusyon sa siyensiya ng mga astronomo noong Edad Medya. Pinangalanan nila at idinrowing ang mga konstelasyon, binigyan ng pangalan ang mga bituin, gumawa ng mas tumpak na mga kalendaryo, sinukat ang mga eklipse, at ginawang mas tumpak ang tsart ng galaw ng mga bagay sa kalangitan. Natutukoy nila ang posisyon ng araw, buwan, at limang nakikitang planeta sa anumang oras sa araw man o gabi—na napakahalaga sa nabigasyon. Natutukoy rin nila kung anong oras na at nakagagawa sila ng kalendaryo batay sa posisyon ng mga bagay sa kalangitan.

Sa tulong ng mga teoriyang nabuo ng mga astronomong Arabe para ipaliwanag ang galaw ng mga planeta, halos nasolusyonan ang mga di-pagkakatumgma sa modelo ng uniberso na ginawa ni Ptolemy. Kaya lang, hindi nila alam na ang araw, hindi ang lupa, ang nasa sentro ng orbit ng mga planeta. Sa kabila nito, nairekord nila nang tumpak ang galaw ng mga bituin, at ang mga natuklasan nila ay napakalaking tulong sa sumunod na mga henerasyon ng mga astronomo sa buong daigdig.

Globo ng kalangitan, 1285 C.E.



Mga pahina ng isang akdang Arabe tungkol sa mga konstelasyon, isinulat ng astronomong si 'Abd al-Rahmān al-Sufi, mga 965 C.E.




## SINAUNANG “POCKET COMPUTER”


Ang astrolabe, na nauna sa sextant, ay sinasabing “ang pinakamahalagang instrumento sa astronomiya bago naimbento ang teleskopyo.” Ginamit ito ng mga siyentipiko sa Gitnang Silangan noong Edad Medya para makalkula ang mga bagay-bagay may kinalaman sa panahon at sa posisyon ng mga bagay sa kalangitan.

Ang astrolabe ay may modelo ng kalangitan na nakaukit sa makinis na metal. Nasa pinakagilid ng instrumento ang mga digri, o kung minsa’y ang mga oras sa isang araw. Mayroon itong umiikot na kamay (alidade) na nagpapakita ng taas ng isang partikular na bituin habang hawak ito nang nakabinitin. Binabasa ang tinapatang marka gaya ng pagbasa sa slide rule.

Maraming napaggamitan ang astrolabe. Nagamit ito sa pagtukoy sa mga bituin, pagkalkula sa oras ng pagsikat at paglubog ng araw, pag-alam sa direksiyon ng Mecca, pagsusurbey ng lupain, pagkalkula sa taas ng mga bagay, at sa paglalayag. Ito ang “pocket computer” noon.



Isang astrolabe noong ika-13 siglo ►



◀ Isang astrolabe quadrant noong ika-14 na siglo

(Mula sa Gumising! magazine ng Watchtower Bible and Tract Society, Philippines)

# “UWAKSAAKINGULUNAN”

*Ni Teo S. Baylen*

*Uwak, Uwak, Uwak!  
Napaimbulog ka, at sa himpapawid,  
Sa aking uluna’y umali-aligid.  
Ibig mong lumangkap  
Sa kapayakan ko at dine sa tuktok  
Nais mong magpugad sa puti kong buhok.*

*O palalong pakpak!  
Di ako papayag na pagpugaran mo  
Ang nagkaputong kong may danas na noo.  
Huwag! Huwag! Huwag!  
Baka masubasob ako’t mabaklasan  
Kung sunungin kita sa mabatong daan.*

*May munti mang kislap  
Ang sa aking noo’y nalagak na sangla,  
May naiwan namang malalim na gatla.  
Pag ikaw’y lumapag...  
Lahat ng inani sa aking tagsibol  
Ay magiging yagit sa aking ataul.*

*Isang dakilang panahon para kay Teo S. Baylen ang dekada 60. Nalathala noong 1963 ang kaniyang aklat ng tula na Tinig ng Darating at ginawaran ito ng Cultural Heritage Award, ang pinakamataas na gawad noon na ibinibigay ng pamahalaan ng Filipinas sa isang awtor. Nang sumunod na Abril 1964, pinutungan siya ng lawrel bilang Makata ng Taon dahil sa kaniyang tulang “Sampung Yungib na Pastulan.” Ginaya siya ng mga makata, matanda’t kabataan, sikat at baguhan, kaya’t makalipas ang isang dekada ay pinarangalan ko siyang propeta ng mga “makata ng Armageddon.” Siya at si Amado V. Hernandez ang pinakamalakas na impluwensiya sa panahong iyon sa sirkulo ng mga makata sa Filipino.*

*Mula sa aklat “Pag-unawa Sa Ating Pagtula, Pagsusuri at Kasaysayan ng Panulaang Filipino” ni Virgilio S. Almario (Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan)*

Mag-aral ng

## “BASIC MASSAGE THERAPY”

KPCCenter Women Section ONLY

Registration and Participation is available any-  
time of the following schedule:

SUNDAY (2 hours session)

8:30 AM – 10:30 AM

6:00 PM – 8:00 PM

WEDNESDAY (2 hours session)

8:30 AM – 10:30 AM

6:00 PM – 8:00 PM

FRIDAY (2 hours session)

8:30 AM – 10:30 AM

1:00 PM – 3:00 PM

6:00 PM – 8:00 PM

8 Hours every month in 6 months.

For more information call KPCCenter  
WOMEN Section

Tels. 24712574 ext. 116 or 24756796





## Graduates, Men Section, Class of November 2011 to February 2012

**TAMHIDI**, Teacher: Ahmad Yusuf Ullessis Abaya - **Graduates:** Ali Jesson Agudos, Jassim Francisco Balagtas, Abdullah Arnaldo Bello, Dawud David Canas, Abdul Rahman Pijerson De Guzman, Noor Kristan Del Rosario, Farhan Palermo Flores, Ali Jonathan Ganapin, Ahmad Jerry Garcia, Abdulaziz Mario Gupo Jr., Abdulaziz Orlando Magayones, Dawud Dominador Ortega, Ahmad Rey Ravis, Rasheed Ruel Tagsahan, Ibrahim Cheward Tolin, Datu Sultan Jovito Valencia, Yusef Emmanuel Valerio, Abdul Rahman Alvin Ebisa Eleccion, Muhammad Antonio Nicdao, Farouk Hussain Nilo Panti, Hajjie Alejandro Banez, Nabil Gerry Cornelio, Abdullah Geoffrey Cruspero, Rashed Ruel Jonota, Dawud Christian Panis, Ibrahim Henry Pansacola, Ameer Dandin Rivera

**AQIDA**, Teacher: Uztaz Marouf Baraguir Ali - **Graduate:** Abdul Rahman Alvin Ebisa Eleccion

**LEVEL 1 (FIQH, AQIDAH, TAFSIR)**, Teacher: Muhammad Sumaway - **Graduates:** Jamal Teofilo Malibong, Muhammad Santiago Marilag Jr., Abdullah Oliver Najera

**TAJWID 1**, Teacher: Muhammad Sumaway - **Graduates:** Ibrahim H. Yacoub, Esmail H. Yacoub

**LEVEL 3 ISLAMIC COURSE**, Teacher: Uztaz Muslimin P. Bhiruar - **Graduates:** Alvin Baltazar, Romel Fadul, Francisco Delarmente

**ARABIC TAMHIDI**, Teacher: Uztaz Marouf Baraguir Ali - **Graduates:** Kamal Hassan S. Lucaberte, Abdul Rahman Alvin Ebisa Eleccion

**ARABIC BEGINNERS**, Teacher: Uztaz Muslimin P. Bhiruar - **Graduates:** Ruel E. Jonota, Karim H. Abubakar, Oscar E. Onayan Jr., Daryl F. Literal, Jayrome M. Abrencillo, Glen Q. Campos, George M. De Guzman, Ronaldo M. Bustria

**ARABIC LEVEL 1**, Teacher: Uztaz Marouf Baraguir Ali - **Graduates:** Dandreb Palomata, Ismael Yacoub, Yusuf Edwin B. Limosnero, Alexander S. Salera, Ahmad Jerry Bayal, Ibrahim Yacoub, Muhammad Enrique Nicdao, Jabbar Abubakar, Ramil Logo, Abdullah Virgilio Benosa Jr., Bernard Atun Gastilo



## Graduates, Women Section, Class November 2011 to February 2012

**Hajar Rufina Aluyen** (Arabic 1, Fiqh 1, Aqidah 1, Hadith 1, Tajweed 1, Tafsir 1, Tafsir 2), **Sarah Ma. Theresa Asis** (Arabic 1, Aqidah 1, Hadith 1, Tafsir 1), **Karima Juditha Dinoy** (Tamhidee, Seerah 1, Arabic Beginner), **Nadzima Ibrahim** (Qur'an Memorization 2, Hadith 1, Tafsir 1), **Aisha Macaalay** (Qur'an Memorization 1, Tamhidee), **Baidido Abo** (Qur'an Memorization 1, Tamhidee), **Aisha Marites Paja** (Hadith 1, Tafsir 2), **Laila Sinar Ali** (Tamhidee, Qur'an Memorization 1), **Hanna Kareen Galvan** (Qur'an Memorization 1, Tajweed Beginner), **Anie Samplidan** (Qur'an Memorization 1, Tafsir 1), **Sarah Chona Cadatuan** (Qur'an Memorization 2, Tafsir 1), **Danna Daril Barrosa** (Arabic Beginner, Tamhidee), **Mariam Gloria Agdeppa** (Figh 1, Seerah 1), **Zainab Levi Dominguez** (Tajweed 1, Tafsir 1), **Mary Grace Ontoc** (Tamhidee, Arabic Beginner), **Noraisa Saidali** (Aqidah 1, Tafsir 1), **Norhaina Salik** (Tamhidee, Hadith 1), **Laila Julieta Agnawa** (Figh 2, Qur'an Memorization 1), **SarahLuisa Clar** (Aqidah 1, Tafsir 1), **Warda Pagutaran** (Qur'an Memorization 1, Tafsir 1), **Baila Mangkot** (Qur'an Memorization 1, Tafsir 1), **Mariam Ma. Letecia Villaber** (Tajweed Level 1, Tafsir 1), **Normala Panantaon** (Tamhidee, Hadith 1), **Hairia Taudil** (Qur'an Memorization 1, Tafsir 1), **Aida Kuti** (Qur'an Memorization 1, Tafsir 1), **Fatimah Joibey Traabucon** (Tamhidee), **Vetalina Tolete** (Tamhidee), **Aliah Eden Alto** (Tamhidee), **Janna Jenny Costina** (Tamhidee), **Hanna Hazel Martinez** (Tamhidee), **Mariam Marites Compalas** (Tamhidee), **May Mercidita Belarma** (Tamhidee), **Mariam Mary June Ermit** (Tamhidee), **Mariam Leticia Delostratos** (Tamhidee), **Fatimah Raquel Amoyen** (Tamhidee), **Hanna Ana Marie Depra** (Tamhidee), **Lumbai Dalmaob** (Hadith 1), **Nora Sanday** (Hadith 1), **Narkasa Kalinggalan** (Tafsir 1), **Mariam Miriam Basco** (Tafsir 1), **Asnaira Usman** (Aqidah 1), **Mayleen Lumague** (Arabic Beginner), **Mila Lorejas** (Arabic Beginner), **Laila Suarez** (Arabic Beginner), **Zamira Jailani** (Arabic Beginner), **Muna Melaine Peñafiel** (Arabic Beginner), **Maria Cirila Velasquez** (Arabic Beginner), **Marlyn Pagasian** (Arabic Beginner), **Mariam Meldrid Nicor** (Arabic Beginner), **Nancy Tunata** (Arabic Beginner), **Aleli De Guzman** (Arabic 2), **Lanie Turibio** (Arabic 2), **Analyn Francisco** (Arabic 2), **Dalal Adelfa Martinez** (Tafsir 2), **Ruwaida Maulana** (Qur'an Memorization 2), **Kawtar Encarnacion Palaganas** (Qur'an Memorization 1, Fiqh 2), **Melanie Kumpania** (Qur'an Memorization 1, Tamhidee), **Jinan Josefina Zarate** (Tajweed 1, Tafsir 1), **Rosali Sala** (Arabic Beginner, Tamhidee), **Janna Lilibeth Mary Molde Andaling** (Tamhidee, Seerah 1), **Lina Belinda Belarma** (Qur'an Memorization 1, Tajweed 1), **Aminah Cynthia Caguindangan** (Qur'an Memorization 1, Tajweed 1), **Mohanie Sulay** (Qur'an Memorization 1, Tafsir 1), **Nura Elinor Santos** (Tajweed 1, Tafsir 1), **Mariam Anacita Abdulkadir** (Aqidah 1, Tafsir 1), **Tarhata Calamunggi** (Tafsir 1), **Sittie Sarhana Malali** (Arabic Beginner), **Teodora Sanez** (Arabic Beginner), **Suraida Ali** (Tafsir 1), **Rovelyn Plasibe Andrin** (Arabic 2), **Vina Askaluddin** (Arabic 2), **Remedios Garabiles** (Arabic 2), **Yasmin Analee Naraja** (Arabic 2), **Aisha Lorelie Perez** (Arabic 2), **Aisha Lina Saavedra** (Tamhidee), **Norhaya Mama** (Tamhidee), **Sarah Loha** (Tamhidee), **Erma Laserna** (Tamhidee), **Racma Mamaluba** (Qur'an Memorization 1, Tafsir 1), **Susana Suzana Taisan** (Tafsir 1), **Maha Lorena Panisan** (Tamhidee), **Paidza Tacao** (Tamhidee), **Faiza Marry Grace Medel** (Tamhidee), **May Kristal Mae Lampesa** (Tamhidee)

# Limang Paraan Kung Paano Mapapalago ang Negosyo

By ERC

Ang larangan ng pagnenegosyo ay isang sensitibong bagay. Ito ay nangangailangan ng matinding pag-aalaga at pagkalinga. Narito ang ilang paraan kung papaano natin mapapalago ang ating mga tinatag na negosyo:

Maging masaya sa ginagawa. Ito ang unang dapat isaalang-alang ng isang nagnanais magnegosyo. Ang pagnenegosyo ay nangangailangan nang tiyaga at malaking oras na paggugol kung kaya't kaakibat dapat nito ay ang pagmamahal upang hindi pagsawaan ang magtrabaho.

Umisip ng mga bagay na agaw-pansin. Sa larangan ng pagnenegosyo ay may mahigpit na kumpetisyon kung kaya't kailangang makaisip ng mga paraan kung papaano mapapansin ang ating produkto o serbisyo. Kailangan ng uniqueness sa ating inilalatag sa merkado na aangat sa iba. Maaari rin itong daanin sa masining na advertisement o kakaibang promotion. Pinakapektibo pa rin sa lahat ang makabago at tatatak sa isipan ng mgaconsumers at buyers.

Umisip ng mga bagay na maipagmamalaki ng mga empleyado. Sa ganitong paraan ay matututunan nang mahalín ng mga empleyado ang negosyong itinayo at bibigyan na rin nila ito nang pagpapahalagang gayang sa iyo. Ang mga empleyado ay mahalagang salik dahil sila ay mga asset na katulong sa pagpapalago ng negosyo.

Matutong makinig sa opinyon ng iba. Mahalaga na paglaanan ng oras ang pakikinig sa payo at suhestiyon ng ibang tao, higit pa ang mula sa iyong mga tauhan.

Siguraduhing lagi kang nakikita o laging nararamdaman ng mga tauhan ang iyong presensya. Ipakita sa kanila kung gaano ka kapursigido sa pagtatrabaho upang ng sa ganuon ay mabigyan sila ng motibasyon upang lalong magsikap.

Ilan lamang ito sa dapat nating isaalang-alang upang maingatan at masiguradong hindi tayo malulugi o magsisisi sa bandang huli. Madali lang ang magnegosyo, siguraduhing seryoso dito at iniingatan ang mga empleyado.

Inaanyayahan namin ang lahat ng mga Pinoy na gustong matuto at linangin ang kanilang kahusayan, upang ipagpatuloy ang pag-aaral, lalong-lalo na sa gustong makapag-tapos ng College, habang nagta-trabaho sa Kuwait. Maaari na kayong magpa-enroll ng Bachelor of Science in Business Administration (BSBA) major in Business Management o Business Marketing. Sa mga ganitong kurso ay malalaman natin kung papano patakbuhin ang sariling negosyo. Panahon na upang ipakita natin sa buong mundo na hindi lang magaling ang Pinoy bilang mga skilled-workers or skilled-laborers at domestic helpers. Ang Pilipino ay magaling din bilang entrepreneur.

## PC & Laptop Repairing Course

### Learn

- PC & Laptop Maintenance
- Trouble Shooting
- PC Assembly
- Laptop Diagnostics
- Windows Installation
- Virus Removal
- Upgrading
- Formatting

Classes available  
Saturday & Friday



## Maging BSBA Iskolar



Gusto mo bang magkaroon  
ng **Degree** at mag-aral ng

**Libre?** Maging iskolar ng  
**BSBA online course.**

**Apply now!**

## MGA **KABAYAN** MATUTO

PROFESSIONAL

**SECRETARIAL SKILLS  
and  
OFFICE MANAGEMENT**

- Secretarial Procedures
- Microsoft Outlook
- Office Etiquette
- Customer Services
- Business Correspondence
- Telephonic Techniques
- Meetings Arrangement
- Time Management
- Dealing with Complaints
- Filing System
- Travel Arrangements
- Job Interview Workshops

Kayo po ang pipili ng inyong schedule.

# PINOY RECIPE

Ni Sister Um Ismael

*(Iba't Ibang Luto ng Isda at Lamang-Dagat)*

## **SARDINAS NA BANGOS**

**MGA SANGKAP:**

4 bangos

$\frac{3}{4}$  tasa Olive oil

1 kutsaritang asin

1 lata tomato sauce

1 siling pula, maanghang

1 sibuyas, tadtad pickles, na-slice

laurel

**PARAAN NG PAGLULUTO:**

1. Kaliskisan at linisin ang bangos.
2. Ilagay lahat, pati isda, sa pressure cooker
3. Lutuin ng 30 minuto sa 15 Ibs. pressure.
4. Palamigin ang pressure cooker bago buksan.
5. Ihain agad, o di-kaya'y ipreserba sa boteng sterili-sado at takpang mabuti.

## **SINIGANG NA HIPON**

**MGA SANGKAP:**

$\frac{1}{2}$  kiiong hipon

2 sibuyas

2 kamatis

2 labanos

kangkong o mustasa

sampalok

patis

asin

pamintang puti

dahon ng sibuyas

**PARAAN NG PAGLULUTO:**

1. Hugasan ang hipon; huwag alisan ng balat.
2. Hiwain ang sibuyas at kamatis.
3. Tadtarin ang labanos at putul-putulin ang dahon ng sibuyas.
4. Magpakulo ng tubig; ilagay ang hipon at lahat ng gulay.
5. Pakuluang madali, mga limang minuto. Katasin ang sampalok.
6. Lagyan ng patis, asin, pamintang puti, at tikman.

(Source: Piling-piling Lutuing Pilipino, R.P.Nem Singh, G.V. Manaog; Isa-Jecho Publishing Inc)



# MAGTAWANAN TAYO

(Kung natawa ka na noon, tawa na ulit ngayon...)

Ni Issa Mohammad Tragua, e-mail: jorgetragua@yahoo.com

Isang Amerikano, niloloko ang isang Pinoy  
PAUL: I'll give you 100 dollars if you can use my name 4 times in a sentence!  
PEDRO: Paul, be care Paul, you might Paul in the swimming Paul.

WIFE: Himala! aga mong umuwi ngayon.  
HUSBAND: Sunod ko lang utos ng boss ko.  
Sabi nya "GO TO HELL",  
Kaya ito uwi agad ako.

TATAY: anak, painumin mo na ang kalabaw..  
ANAK: tay, ayaw po uminum yung kalabaw..  
TATAY: bakit ? saan mo ba nilagay yung tubig?  
ANAK: sa baso po..  
TATAY: dapat nilagyan mo ng STRAW

JUAN: ito ba!! ito ba ang pinagmamalaki nyong painting?!! PWEH ang panget!  
GUIDE: salamin po yan sir, SALAMIN..!

DOC: congrats misis, kambal ang anak nyo!  
MISIS: talaga? Paki dala nga dito..  
DOC: nurse, ipasok mo dito yung kambal.  
MISIS: Akala ko ba kambal? Bakit iisa lang to' ?  
NURSE: Dadalhin ko pa ba yung isa? Parehas lang naman yung itsura

TEACHER: Ok class, Science is our Lesson for the day, ok Juan, What is Science?  
JUAN: Maam, SCIENCE IS OUR LESSON FOR THE DAY!!!

TEACHER: if you give P100 TO YOUR FRIEND and he only need P85, magkano ang ibabalik niya sa iyo?  
STUDENT: wala po maam  
TEACHER: wala ka bang alam sa math?  
STUDENT: e kayo po ma'am, alam mo ba mga kaibigan ko!

BOY: Hi Miss, tubig ka ba?  
GIRL: Tao ako, tanga ka ba? Hindi ba halata? Kakausapin mo ba ko kung tubig ako? Kaya walang nagpapaligaw sayo e.  
BOY: Ganun ba? Ano na lang sabi ng posporo sa isa pang posporo?  
GIRL: Alam ko na yan e. Sabi ng posporo sa isa pang posporo "Match tayo"  
BOY: Tanga! Wala sinabi. Posporo nga eh. May alam ka bang posporong nagsasalita? Kaya walang nanliligaw sayo eh..

GIRL: Kanina mo pa ako sinusundan  
HOLDAPER: So? KANINA MO PA PALA AKO TINITIGNAN

ITAY: Bakit BAGSAK ka sa exam?  
JUAN: Dahil po sa pag-absent tay!  
ITAY: Absent ka nung itinuro?  
JUAN: Absent yung KATABI ko nung exam!

GURO: Pedro, isalin mo ito sa ingles, "Singsing ng tatlong hari."  
PEDRO: Ma'am! "A ring king king king"

EXCUSE LETTER. Dear Mam, Please excuse my absence yesterday due to hedeys (bura).. headeyk (bura).. headeche (bura).. headache (bura)... LBM.

GURO: class, alam nyo ba kung saan nakatago ang Yamashita's Treasure?  
ikaw Juan, alam mo ba?  
JUAN: Yan na! Basta may nawawala ako agad pinag bibintangan..!

Kung bakit hindi pweding bading ang mga PULIS...  
MAY HOLDAPAN:  
PULIS1: hoy ateng! nanditey na si DARNA! sumuko ever ka na! super surroundings ka na namen teh!  
HOLDAPER: wit! keru ko kayo te! tumbang preso yan si DARNA saken!  
PULIS1: ay echuserang froglet ka ha! mga baklish! sugod na tayis!  
PULIS2: oh narinig nyo si mother earth! gora na mga baklush! push

GURO: Oh mga bata! Ano bang gusto ninyo sa mga bayani natin?  
BATA: Maam, pag kaarawan po nila, walang pasok.

ANAK: Pa, may multo daw sa kusina natin?  
PAPA: Anak, sino naman nagsabi sa iyo niyan?  
ANAK: Si Mama po!  
PAPA: Ay nako, wag ka nga magpapaniwala dun! wala namang multo eh!  
Ang mabuti pa samahan mo na lang ako sa kusina at iinom lang ako ng tubig!!





# PAG-ARALAN ANG ARABIK

Ni Usta. Halima Mantawil  
Head, Women Section, KPCCenter

## Lesson 34

Ang kahulugan sa Tagalog	Pagsasaling titik	Magkakasama na titik ng salitang Arabik
Asawang lalaki: May mga bisita tayo, sino sila?	AzZawj: Ladayna duyufu, man?	الزوج : لدينا ضيوف من؟!
Asawang babae: Tatay at nanay ko	AzZawja: Walidi wa walidati	الزوجة : والدى ووالدتى
Asawang lalaki: Nasaan ang mga bisita?	AzZawj: Aina duyuf	الزوج : أين الضيوف؟
Asawang babae : nasa sala.	AzZawja: Fi gurfatil julus.	الزوجة : فى غرفة الجلوس

ر Raa	ذ Dhaal	د Daal	خ Khaa	ح Haa	ج Jeem	ث Thaa	ت Taa	ب Baa	أ Alif
ف Faa	غ Ghaieen	ع Aieen	ظ Zaa	ط Taa	ض Daad	ص Saad	ش Sheen	س Seen	ز Zaa
	ى Yaa	ي Yaa	ه Haa	و Waaw	ن Noon	م Meem	ل Laam	ك Kaaf	ق Qaaf

*Para sa mga Filipinong nais mag-aral ng LIBRENG Arabik, tumawag lamang sa KPCCenter, 24712574 or 24756796 extentions 116 sa mga babae, at 102 sa mga lalaki.*



Ni Ust. Abubaidah Salud Satol  
Translator/News Editor  
Ministry of Information  
Kuwait

## MINDANAO: ANG PARAISO SA LUPA 2

# PAGDATINGNGISLAMSAMINDANAO

*Bago dumating ang Islam ay may dalawang magkapatid na Hari sa Slangan. Ito ay sina Haring Mamalo at Haring Tambunaway. Sila ay walang tiyak na pinaniniwalaang Diyos, ngunit mayroong sariling kultura at mga tradisyon o kaugalian. Mayroon din silang nabuong sistema sa pagpapatakbo ng kanilang pamayanan, na base sa kapangyarihan ng isang Hari. Ayon sa kasaysayan, pagdating ng Islam ay tanging si Haring Tambunaya lamang ang tumanggap dito at ang kanyang mga nasasakupan, at may mangilan-ilan din sa mga nasasakupan ni Haring Mamalo. Nagpabinyag sila sa Paiguwan, sa baranggay Katuli, kung saan binasbasan ang mga ito at pinaliguan, at nagpatuli ang mga kalalakihan sa kanila, bilang pagsunod sa tradisyon ng Islam. Dahil sa pagpapatuli ay natakot si Mamalo at ilan sa kanyang mga nasasakupan, kaya nagpasya sila na mamundok na lamang upang lumayo o umiwas sa mga rituwal ng mga Muslim. Ayon sa kasaysayan, ito na ang naging ninuno ng mga katutubong tinatawag na “Highlanders.”*

*Islam ang unang nakarating na relihiyun at pananampalataya sa isla noong ika-13 siglo, sa pamamagitan ng mga misyunaryo at negosyanteng Arabo, mula sa Malaysia at Indonesia. Bago dumating ang mga ito sa isla ay walang tiyak na sinasamba o relihiyon ang mga katutubo. Ngunit pagdating ng Islam ay mabilis ito tinanggap ng mga katutubo dahil sa magandang turo nito at mga asal na ipinakita ng mga misyunaryo.*

*Bunga nito, nagpatayo ang mga unang Muslim ng kauna-unahang “masjid” noong kalagitnaan ng ika-14 na siglo sa bayan ng Simunol, Tawi-Tawi. Naitatag naman ang “sultanates sa Sulo at Maguindanao sa ika-15 at ika-17 siglo. Sa mga panahon na ito, ang Islam ay maayos na at matibay na naitatag sa Mindanao at nagkaroon ng malakas na impluwensya sa Luzon, partikular na sa Maynila. Hindi rin malayo sa mga panahong ito ang pagdating ng mga guro ng Islam na mula sa kalapit na isla ng Borneo. Ang sampong Datus na mula sa Borneo, kasama ng kani-kanilang mga pamilya at sa pamumuno ni Datu Puti, ay unang dumaong sa isla ng Panay, na ngayon ay nahati sa apat na bayan ng Ilo-ilo (Irong-Irong), Antique, Aklan at Capiz. Pagkalipas ng maraming taon, mula sa Panay ay kumalat ang kanilang mga angkan sa iba’t-ibang bahagi ng Kabisayaan (Cebu, Mactan, Bohol, Leyte, at iba pa) at sa Luzon, partikular na sa Maynila na dati ay tinatawag na Selurong o Amanillah at sa mga kalapit na mga bayan ng Batangas, Pambanga, Cavite, Rizal, at iba pa.*

*Sa ika-labing anim na siglo, aksidenteng napadpad ang mga Kastila sa isla ng Sugbo (Fajr), na kasalukuyang tinatawag na Cebu, at kanilang nadatnan doon ang malaking presensya ng mga Muslim sa isla at sa mga palibot nito. Bago nakarating ang mga Kastila ay kanilang nilabanan ang mga Moors o Moros; ang mga katutubong mamamayan na naghari sa Espanya sa loob ng halos walong siglo, at kanila itong napatalsik sa loob ng ilang siglong labanan. Moros (pangmaramihan ng Moro) din ang itinawag ng mga Kastila sa mga katutubo na itong Muslim sa isla dahil sa magkapareho nitong kultura at tradisyong Islamiko sa mga Moros ng Espanya at Morocco. Hanggang sa kasalukuyan, ang isla ay nanatiling tahanan ng mga Muslim o Moro, na binubuo ng maraming grupong etniko na tulad lamang ng Maguindanaon, Maranao Tausug, Iranun, Sama, Banguingui, Yakan, Kolibugan, Sangir, Kalagan o Dabawnun, Jama Mapun, at mga “Lumads.” (ITUTULOY)*



Ni Abdullah Joselito Tabing  
Da'yah, KPCCenter

## Kalusugan at Mga Halamang-Gamot

**Bawang (*Allium sativum*).** Ang bawang ay sikat hindi lamang sa kusinang Pilipino kundi pati sa larangan ng panggagamot. Pinaniniwalaang nakagagamot ang halaman ng mga sakit sa puso, tulad ng high blood pressure, high cholesterol, at atherosclerosis. Ibinababa raw kasi ng bawang ang mga free radicals sa dugo, kaya nababawasan ang pamumuo ng mga atherosclerotic plaque o bara sa mga blood vessel.



**Lagundi (*Vitex negundo*).** Ang Lagundi ay isang halamang gamot na ginagamit sa rayuma, ubo, hika at lagnat. Ito ay isang maliit na punongkahoy o kaya palumpong at umaabot

sa 25- metro sa taas. Ang dahon nito ay nahahati sa 5 pang maliliit na leaflet na mabalahibo sa ilalim. Mayroon itong kulay bughaw o labanda na mga bulaklak na maaring mamukadkad sa anumang bahagi ng taon. Ang mga bunga nito ay maiitim pag hinog na. Karaniwang makikita ito sa Pilipinas sa mga masusukal na lugar. Mas mainam na paramihin ito sa pamamagitan ng pagtanim ng mga putol na sanga o tangkay. Dahil sa napatunayan na ang epekto nito sa iba't ibang karamdaman, isa ang lagundi sa mga halamang-gamot na inirekomenda ng Departamento ng Kalusugan. Ang mga dahon ng lagundi ay malimit na ipinantatapal sa mga bahagi ng katawan na may rayuma at pilay. Ang langis na taglay nito ay napatunayang nakapagpapaalis ng pamamaga at pamumula ng balat. Samantalang ang katas naman nito, na kinakikitaan ng mga katangiang antibacterial, antifungal at analgesic, ay itinitimpla at ipinainom sa mga pasyenteng may matinding ubo.





*ni Ust. Mohammad F. Sumaway  
Da'iyah, KPCCenter  
Kuwait*

## Pangunahing Edukasyon Para sa Lahat

Ang Allah ay nagsabi batay sa pahayag ng Banal na Qur'an: "Sabihin mo! 'Yaon kayang may kaalaman ay katulad niyaong walang kaalaman? Yaon lamang mga taong may pang-unawa ang tatanggap ng paalala.' (Qur'an 39:9) Karagdagan pa dito, ang Allah ay nagsabi sa isa pang talata ng Banal na Qur'an:"... at kung kayo ay sinabihan upang bumangon (para sa pagdarasal, Jihad at iba pang mabubuting gawa) kailangan kayong tumindig... Ang Allah ay itataas kayo (sa angkop na antas) at sa mataas na kalagayan yaong sa inyo ay nananampalataya at yaong mga pinagkalooban ng katalinuhan. Ang Allah ang maalam sa lahat ng inyong ginagawa." (Qur'an 58:11)

Ang edukasyon sa Islamikong pamayanan ay hindi lamang karapatan ng mga mamamayan. Bagkus, ito ay isang tungkulin ng bawat isa na may kakayahan. Lahat ng may talino at may kakayahan sa isang pamayanan na Muslim ay nararapat na mag-aral tungkol sa Relihiyon at sa makamundong kapakanan. Sa katunayan, ang Islamikong pamahalaan ay dapat maghanda at tumulong sa lahat ng kaparaanan (para sa mga mamamayan) para sa kanilang magandang kinabukasan. Ang konseptong ito ay batay sa Hadith ng Propeta ng Allah (saw): "Ang paghahanap ng kaalaman (mabuting edukasyon) ay tungkulin ng bawat Muslim (lalaki man o babae)." (Iniulat ni Ibn Majah)

Bukod dito, iminumungkahi ng Islam ang paghahanap ng magandang edukasyon bilang pagsisikap at isang uri ng Jihad (pakikibaka sa landas ng Allah) na may malaking gantimpala mula sa Allah. Ang Propeta ng Allah(saw) ay nagsabi: "Sinuman ang naghahanap ng kaalaman (kapaki-pakinabang), ay itinuturing ang taong ito bilang nagsagawa ng Jihad para sa Landas ng Allah hanggang siya ay makabalik (sa kanyang tahanan)." (Iniulat ni Tirmidhi) At sinabi pa rin ng Propeta ng Allah (saw):

"Kung sinuman ang tumahak sa daan ng paghahanap ng kaalaman (o magandang edukasyon), ang Allah ay naglaan ng daan para sa kanya tango sa Paraiso."(Iniulat ni Abu Dawoud at Tirmidhi)

Sa katunayan, isinaalang-alang ng Islam na ang pagkakait o pagpipigil upang makamit ang mabuting kaalaman at ang hindi pamamahagi nito para sa kapakanan ng iba ay hindi umaayon sa Batas ng Islam. Ang Propeta ng Allah (saw) ay nagsabi: "Kung sinuman ang nagkait at hindi namahagi ng mabuting kaalaman sa mga nangangailangan ay mapaparusan sa apoy ng Impiyerno sa Araw ng Paghuhukom."(Iniulat ni Darimee) Karagdagan pa dito, ipinapaalala at binabalaan na lapatan ng parusa o multa ang mga taong nagbabawal at yaong hindi naghahanap o di kaya ay hindi lumalahok at nakikiisa sa pagpapataguyod at pagpaunlad ng edukasyon sa Islamikong pamayanan. Ang Propeta ng Allah (saw) ay nagsabi: "Ang sinumang hindi nakapag-aral ay dapat magsikap humanap ng kaalaman sa kanilang mga kapit-bahay o karatig pook. Ang may kaalaman ay dapat magturo sa kanilang mga kapit-bahay, at kung ito ay hindi magawa, may ipapataw na parusa sa mga ito. "(Iniulat ni Tabrani, Al-Mu'jam Al-Kabeer(Grand Collection of hadith)

[Mula sa aklat "Ang mga Karapatan ng Tao sa Islam," ni Abdul-Rahman Al-Sheba]

# BASA AMORO

*Inisulat ni Usta. Pahima Guiabal  
Da'iyah, Cultural Field Worker  
KPCCenter, Women Section  
Kuwait*



*Inisulat ni Ust. Muslimin Palami Bhiruar  
Public Relation & Information  
KPCCenter, Kuwait  
e-mail: aymus8118@yahoo.com.*

أسس بناء الأسرة المسلمة :

So pulaos a kambalay sa tiwalayan (pamilya) a muslim.

تقوى الله هي الأساس المتين الذي يقوم عليه بناء الأسرة المسلمة ، فيكون اختيار الزوج لزوجته حسب توجيه الرسول صلى الله عليه وسلم بأن تكون ذات دين ، وليس لجمالها أو مالها أو حسبها، وتكون

موافقة الزوجة وأهلها على الزوج لأنه ذو خلق ودين وأمانة 0

So kagirk sa allaho Taa'la na ya Polaos a mabagel atagin maka patindgon so kambalay ko pamilya muslim. maadn so nto sa kapamilya no kaloma a mama kano babay a pangalomanin sa maka ayon kano papata no Rasulollah S.A.W. a pamilin kano babay na so kowan sa agama. dikna so kanisan atawa tamok atawa bangsa. ndo maadn bon sa maka ayon so kaloma babay ndo so mga luks nin nangt kano mama sa bala agama bon ndo aden lon ipalangay a mapiya ndo kasaligan.

فإن المؤمنة - ولو كانت جميلة غنية ذات شرف مرموق - تقوم دائما

على بر زوجها ورعايته في قلبه وشعوره وماله وولده وعرضه 0

Sabnar bnar a so mu'mina a babay apay yanin kaadn na manisan kawasa barabansa na tatap so kapiya piya nin ko kalomanin ndo paliharatin so pamosungan o kaloma mama. so kagdamin. so tamokin so wata nin ndo so maratabatan.

قال صلى الله عليه وسلم : ( تنكح المرأة لأربع لمالها ، ولحسبها ،

ولجمالها ، ولدينها ، فاظفر بذات الدين تربت يداك ) 0

Pitaro no Rasulullah S.A.W. (Ya ipangaloma ko babay na pat timan so tamukin so bangsa nin so kanisanin so agamanin. ilabi nengka so bala agama ka mapalihala so lima nengka.)

48. (RABBI AWZI'NEY AN ASHKORA NI'MATAKA ALLATIY AN-AMTA ALAYYA WA ALA WA-LIDAYYA WA AN A'MALA SSA-LIHAN TARDHAHO WA ASSLIH LEY FI ZORRIYATIY INNI TOBTO ILAYKA WA INNI MINAL MUS-LIMEEN)

“O Kadnanko na enggi akongka sa bager para kadsukoranko so manga limo a inipangalimowanengka raki, ago kadsukoranko so manga limo a inipangalimowanengka ko dow a luk'sko, ago para makanggalbek ako sa mapiya a galbek a kasuwatanengka, ago para egkapiya so galbek o manga pamilyako, sabensabenar a saki pedtawbat ako r'ka, ago sabensabenar a saki n aped ako ko manga tao a manga muslim“

49. (RABBANA EGFIRLANA WA LI IKHWA-NINA ALLAZIYNA SABAQOWNA BIL-E-MAN, WA LA TAJ-AL FI QOLOWBINA GILLAN LIL-LAZIYNA A-MANO RABBANA INNAKA RAOU-WFON RAHEEYMON)

“O Kadnan ami na amponangka r'kami so manga dosa ami, ago amponangkabon so dosa o manga lusod ami sa tiyan a miyangauna r'kami a miyamaritiyaya R'ka, ago dingka pembaloya ko manga pusong ami so kadengki ko siran a manga tao a miyamaritiyaya R'ka, O Kadnan ami na sabensabenar a S'ka na maampon ago malimo“

50. (RABBANA ALAYKA TAWAKKALNA WA ILAYKA ANABNA WA ILAYKA ALMASSEYR)

“O Kadnan ami na S'ka I pedsarigan ami, ago S'ka I pedtarima ko kiyadsendet ami, ago S'kabon i egkambalinganan ami “

# BISAYA

## ANG MGA PULONG “ASA”, “HAIN” UG “DIIN”

*Ni Sister Sarah Mailyn Rodriguez*

Ang topiko nga atong panaghisgutan mao ang sayop nga pagkagamit sa mga pulong ASA, HAIN ug DIIN. Lahi ang atoang Binisaya ug mas specific kaysa sa Tagalog ug English. Ang English usa ray ila, ang WHERE ra. Sa Tagalog usa ra pod, ang SAAN. Kita adunay ASA, HAIN ug DIIN (nga may baryasyon pa gayod nga DIS-A).

### **Pananglitan:**

*Sa English: WHERE are you going? WHERE did you come from? WHERE are you now?*

*Sa Tagalog: SAAN ka pupunta? SAAN ka galing? SAAN ka ngayon?*

*Sa ato: ASA ka paingon? DIIN ka gikan? HAIN ka karon?*

*O, di ba, tulo ang ato ug usa ray ila?*

Apan subo kaayong palandongon nga kasagaran sa atong madunggan, ang gigamit mao na lang gyod ang ASA. Pananglitan sa sayop nga paggamit sa ASA:

“ASA man ang sundang?” (Na, molakaw diay ang sundang? Ang ASA ipangutana kana ngadto sa molakaw. Ang husto unta: “HAIN man ang sundang?”).

“ASA man diay si Pedro ron?”. (Ang husto: “HAIN man diay si Pedro ron?”)

“ASA man ang lapis?” (Ang husto: “HAIN man ang lapis?” Kon mangutana ta sa butang o tawo nga wa diha o mangita ta sa lokasyon niini, HAIN ang gamiton ug dili ASA. Ang DIIN ipangutana ngadto sa nahiabot o bag-ong nahiabot).

Unta pinaagi niining tipik nga atong gihisgotan, makaalinggat kadtong ubang kaigsoonan nato sa hustong paggamit sa ASA, HAIN ug DIIN aron nga dili kay pulos na lang ASA ang gamiton.

### **ANG PULONG “PAGKA”**

MAY pipila nga nagtuong ang ‘pagka’ sa Binisaya usa lang ka iglalanggikit (affix) ug busa, para nila, kini kanunay gayong igadugtong o isumpay sa mga pulong langgikitan.

Sa Tagalog kun Filipino, anaa kanang ilang ‘pagiging’ nga pagasulatong buwag. Pananglitan: “Tuwang-tuwa siya sa kanyang pagiging artista.” “Sa kanyang pagiging abogado, marami na siyang natulungan.” Sa Iningles, anaa sab ang ‘being’ nga sama sa ‘pagiging’, pagagamiton usab nga buwag. Ug sa akong tan-aw, usa ka dakong kawad-on sa Binisaya kon ilhon ta lang usa ka iglalanggikit ang ‘pagka’. Dako ang mawalang birtud niini. Ingon sa mapugngan ang laing kapuslanan niini diha sa atong pakigkomunikar pinaagi sa panulat.

Matikdi ang kalainan niining pipila ka pananglitan:

Usa ka kawad-on ang pagka wala namoy kabaw.

Labihang nakahilak ni Nanay sa pagkawala sa among kabaw.

Matinud-anon siya sa iyang pagka mayor.

Gibarogan gayod niya ang iyang pagka lider.

Nakahilak siya sa kalipay sa pagdaog sa pagka Ms. Philippines.

Pagka-Ms. Philippines niya sa 1980, nangabot ang daghang kahigayonan.

Ang kalainan niining “pagka” nga buwag (adverbial particle?) ug “pagka” nga pangunanggikit (prefix) masuta pinaagi sa pagtuon sa mga sinulat nga nangapatik ning Bisaya.

# BISAYANG JOKES



*Pedro in war of rebels!*  
**PEDRO:** *surender na kayo.*  
**REBEL:** *surender lang kami kung ma spell mu ang salitang ceasefire!!.*  
**PEDRO:** *giahak! patuloy ang gera!! durugin sila!! padalhan ko kau ng chrysanthemum sa inyung lubong!!*  
**REBEL:** *spell chrysanthemum?!!*  
**PEDRO:** *peste! ingon ko rose! bungol! patay kung patay wa nay spelling- spelling...*

**CARLO:** *hoy yaku! nganung cige man ka ug katawa diha?*  
**YAKU:** *hehehehe, kabalo nako sa imo pin number, upat ka asterisk, hehehe*

**PULIS:** *Oi lola! (pito sound)*  
**LOLA:** *Ngano gipituhan man ko nimo?*  
**PULIS:** *Nag jaywalking ka!*  
**LOLA:** *Unsa manang jaywalking ha? Pasabta daw ko?*  
**PULIS:** *Kanang nilapus ka sa linya, mao nang gipituhan tika!*  
**LOLA:** *Kung magduwa mug basketball, ayaw ko ninyog apila! tiguwang nako mga animala mo!*

**TEACHER:** *ok ipasa na ang testpaper*  
**JUAN:** *yes maam!*  
**TEACHER:** *oh pedro, nganu pareho man mo og answer ni juan?*  
**PEDRO:** *syempre, pareho lang ang questions maam.*

*Sa 25 pesos chicken with rice nangabot sila Juan and company para mukaon...*  
*(waiter niduol sa ilang table)*  
**WAITER:** *mangaon mo sir?*  
**JUAN:** *dili, magluto mi, asang kalaha?*

*sa pinoy henyo...*  
**JUAN:** *gamit ni sa kusina?*  
**PEDRO:** *uu!*  
**JUAN:** *ginagamit mag luto?*  
**PEDRO:** *pwede!*  
**JUAN:** *magunitan?*  
**PEDRO:** *uu!*  
**JUAN:** *talinis ni?*  
**PEDRO:** *pwede!*  
**JUAN:** *hait?*  
**PEDRO:** *uu!*  
**JUAN:** *ginagamit pang hiwa?*  
**PEDRO:** *uu! uu!*  
**JUAN:** *ahhhh... PASS!!*

**BANA:** *(himatyon na) Day, Inig ka matay nako, minyo-i baya si Pedro ha?*  
**ASAWA:** *Nganong si Pedro man nga imo man siyang kontra?*  
**BANA:** *Haron mag-antos sab siya ug makabalos na gyud ko....*

## Pinoy Directory Kuwait

### **Jgs Kabayan Online Store**

*Find us @ facebook*

### **Roselou Beauty Products**

*Perfumes, Garments, Cosmetics*  
*Shop 29, Mezzanine Floor,*  
*Megatheer Mall*  
*Farwaniya, Kuwait*  
*Tel. No. 24712988*

### **Sister's Collection & Beauty Products**

*Basement, Hotline Billiard, Salhiya Tower*  
*Opposite KFC (Kentucky Fried Chicken)*  
*Contact: Ms. Rhoda Tel. 60932262*

### **Whole Care Home Medical Care Services**

*Second Floor, Office No. 127*  
*Qais Al-Ghanim Bldg.*  
*Block 7, Makka St., Fahaheel*  
*Contact: Arlene 'Dalal' Custodio*  
*Telephone Nos. 23915779*  
*97983200 Dalal*  
*55181951 Joan*

### **Mario's Restaurant Kuwait**

*Fahaheel near NBK behind Al Baha store*  
*Telephone No. 23916677*

### **Dra. Emily Zapanta Filipino Pediatrician**


*Al-Sayegh Clinic*  
*Mangaf Coastal Road*  
*Opposite Fahaheel Sea Club*  
*Email: info@alsayeghclinic.com*  
*Telephone No. 65845687*

### **ICSA-CITC Computer Institute**

*8th floor, Panasonic Tower*  
*Behind KFC, Maliya, Kuwait City*  
*Email: info@icsa.us*  
*Website: www.icsa.us*  
*Tel. Nos. 22403408, 22467301*  
*99302850, 96621592, 66001263*

### **Philippine Embassy Kuwait**

*Block 6, Villa No. 153*  
*Nouman Bin Basher St. corner Damascus Road*  
*Faiha Area*



*Ang bayan koy tanging ikaw  
Pilipinas kong mahal  
Ang puso ko at buhay man*

*Sa iyoy ibibigay  
Tungkulin koy gagampanan  
Na lagi kang paglingkuran  
Ang laya moy babantayan  
Pilipinas kong hirang...*